




Kapag nais magmaneho ng sasakyan sa Japan





Ipapakilala dito ang mga kailangang isaulo kung magmamaneho ng kotse, motor at bisikleta tulad ng nauukol sa lisensya, rehistrasyon, mga batas trapiko at aksidente.

1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-1 Pagmamaneho ng sasakyan sa Japan

Kailangan ng lisensya kung magmamaneho sa Japan ng sasakyan o motorsiklo.

Kailangan din dala-dala ang lisensya tuwing nagmamaneho. Ang mga lisensyang kinikilala sa Japan ay ang mga sumusunod.

●Ang mga lisensyang puwede sa Japan

- | |
|--|
| • Ang lisensyang natanggap sa Japan |
| • Internasyonal na lisensya na ipinagkaloob ng bansang kasali sa Geneva Convention |
| • Dayuhang lisensya (lisensya sa Germany, Switzerland, France, Belgium, Taiwan at Italy) |



1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-2 International driving permit at lisensya na ipinagkaloob sa ibang bansa

(1) International driving permit

Ang mga mayroong lisensya na ipinagkaloob sa mga bansang kasali sa Geneva Convention ay maaring magmaneho sa Japan sa nabanggit na panahon.

●Ang natatadhanang haba ng panahon na maaaring gamitin ang Internasyonal na lisensya

Ang panahon kung hanggang kailan maaaring magmaneho na gamit ang internasyonal na lisensya ay hanggang isang taon mula sa araw na pagpasok sa Japan o hanggang sa kung kailan lamang ito balido sa loob ng nabanggit na isang taon. Ngunit tandaan na ang nakatala o nakarehistro bilang isang dayuhan kung lumabas ng Japan at bumalik ulit sa Japan sa loob ng wala pang 3 buwan, bilang ang mga araw na wala sa Japan sa isang taong nabanggit. Kung kaya't ang unang pagpasok sa Japan ang simula ng bilang ng isang taon.

●Kasunduan tungkol sa trapiko sa mga kalye (Geneva Convention) Mga bansang kasapi sa kasunduan

[Noong Mayo 14, 2007]			
Albania	Algeria	Argentina	Australia
Austria	Bangladesh	Barbados	Belgium
Benin	Botswana	Bulgaria	Cambodia
Canada	South Africa	Chile	Congo
Cote d'Ivoire	Cuba	Cyprus	Czech Republic
Congo	Denmark	Dominica	Ecuador
Egypt	Fiji	Finland	France
Georgia	Ghana	Greece	Guatemala
Haiti	Vatican	Hungary	Iceland
India	Ireland	Israel	Italy
Jamaica	Japan	Jordan	Kyrgyz Republic
Laos	Lebanon	Lesotho	Luxembourg
Madagascar	Malawi	Malaysia	Mali
Malta	Monaco	Morocco	Namibia
Netherlands	New Zealand	Niger	Norway
Papua New Guinea	Paraguay	Peru	Philippines



N Transportasyon

[▲ Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

Poland	Portugal	South Korea	Rumania
Russia	Rwanda	San Marino	Senegal
Sierra Leone	Singapore	Slovakia	Central Africa
Spain	Sri Lanka	Sweden	Syria
Thailand	Togo	Trinidad and Tobago	Tunisia
Turkey	Uganda	England	United States of America
Venezuela	Serbia	Montenegro	Zimbabwe
United Arab Emirates			
Purok	Hongkong	Macao	
(93 bansa at 2 pook)			

http://www.pref.aichi.jp/police/menkyo/99_kokumen.htm#teiyaku

(2) Pagpatuloy ng paggamit ng international driving permit

Dahil ang international driving permit ay ipinagkaloob ayon sa batas ng sariling bansa kaya ito ay hindi maaring i-renew sa Japan.

Kung lumampas na ang bisa ng international driving permit, ito ay kinakailangang irenew ulit. Kung mananatili sa Japan ng isang-taon o mas mahigit pa ipinapayong kumuha ng lisensyang ipinagkakaloob ng Japan.

(3) Lisensya na ipinagkaloob sa ibang bansa

Ang lisensyang ipinagkaloob sa Germany, Switzerland, France, Belgium, Taiwan at Italy kung mayroong pagsasalin sa wikang Hapon ay maaring gamitin upang makapagmaneho sa Japan sa loob ng isang taon magmula sa pagdating sa Japan. Ang natutukoy na pagsasalin sa wikang Hapon ay ang pagsasalin na isinagawa ng ahensya na nagpakaloob ng lisensya, ang embahada ng bansa sa Japan o ng Japan Automobile Federation ([Basahin ang JAF · 2-4](#)).

Tandaang kailangan ang mga papeles na nabanggit kasama ng pasaporte tuwing nagmamaneho.






1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-3 Pagpapalit ng lisensya

(1) Pagpapalit mula sa lisensya na ipinagkaloob sa sariling bansa sa lisensya ng Japan

Maaring ipapalitan ang lisensyang ipinagkaloob sa sariling bansa kung ang lisensyang ito ay may bisa pa at kung mapapatunayan na may tatlong buwan ng nakalipas mula sa araw na ito ay natanggap. Upang maisagawa ang proseso ng pagpapalit ng lisensya sa lisensya sa Japan, kailangang pumunta sa Driver's License Center o sa Driving Test Center sa tinitirhang perezaktura at kumuha ng pagsusulit (pagsusulit sa kaalaman ukol sa mga patakarang pangtrapiko, at pagsusulit sa kakayahan sa pagmamaneho).

(2) Proseso ng pagpapalit mula sa lisensya na ipinagkaloob sa sariling bansa sa lisensya ng Japan



※ Kailangan ng tagapagsalin ng mga hindi nakakabasa at nakakapagsalita ng wikang Hapon.

※ Ang mga lisensya mula sa 22 bansa at 1 pook na sa France, Germany, Switzerland, Italy, Belgium, Netherlands, Luxembourg, England, Denmark, Ireland, Greece, Spain, Portugal, Sweden, Norway, Iceland, Finland, Austria, Australia, New Zealand, South Korea, Canada at Taiwan (mula Marso ng 2009) ay hindi kinakailangang dumaan sa ika-3 at 4 na proseso.



1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

(3) Mga kinakailangang dokumento upang magpapalit sa lisensya ng Japan

Mga Kinakailangang Papeles	Pagpapasahan	Bayad
<ol style="list-style-type: none"> 1. Application form para sa pag-aplay ng lisensya (makukuha sa Driving Test Center) 2. 1 pirasong litrato (may sukat 3cm x 2.4cm na kinuha sa loob ng anim na buwan) 3. Sertipikong nagpapatunay ng nilalaman ng Alien Registraion Card at Alien Registration Card 4. Lisensya na galing sa bansa (kung hindi nakalagay ang araw ng pagkakaloob, anumang bagay na makapagpapatunay ng araw ng pagkakaloob) 5. Ang pagsalin sa wikang Hapon ng lisensya na galing sa bansa (isinagawa ng embahada, o ng JAF) 6. Pasaporte (may tala ng palabas-pasok sa bansa) 	<p>Sa malapit na Driving Test Center sa tinitirahan</p>	<p>Aabutin ang babayaran ng 5,000yen dahil sa application fee, bayad sa pagpapadala ng lisensya. (Iba-iba ang application fee ayon sa uri ng ia-aplay na lisensya kaya makipag-ugnayan sa malapit na Driver's License Center para sa mas detalyadong impormasyon)</p>



1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-4 Upang makakuha ng lisensya sa Japan

(1) Mga kinakailangan sa pagkuha ng lisensya sa Japan

Ang lahat ay obligadong kumuha ng mga sumusunod na pagsusuri o pagsusulit. May mga pagsusulit sa wikang Ingles kaya mangyari lamang na magtanong tungkol dito.

●Mga kukuning pagsusulit o pagsusuri

Pagsusuri kung naaangkop magmaneho	Pag-eksamen ng mata atbp.
Eksamen	Pagsusulit ng kaalaman ukol sa mga patakarang pang-trapiko (karaniwang nasa wikang Hapon)
Pagsusulit ng kakayahan	Pagsusulit sa pagmamaneho (isinasagawa sa wikang Hapon)

(2) Pagpasok sa isang driving school (jidousha kyoushuujo)

Sa Japan ang pag-aaral tungkol sa batas trapiko at ang pag-aaral kung papaano magmaneho ay isinasagawa sa mga driving school na kung tawaging jidousha kyoushuujo. Ang kinakailangang bayaran sa pangkaraniwang lisensya ay umaabot 300,000yen. Ang tagal ng pag-aaral ay iba-iba batay sa driving school kaya makipag-ugnayan tungkol dito sa mga driving schools. Kapag nakapagtapos sa nakatakdang driving school ay hindi na kinakailangang kumuha ng pagsusulit sa pagmamaneho at kapag nakapasa sa eksamen na ibinibigay ng Komisyon ng Public Safety tungkol sa batas at patakarang pantrapiko at sa pagsusuri kung naaangkop magmaneho ay pagkakalooban ng lisensyang pangmaneho. Ang klase at pagsusulit sa driving school ay isinasagawa sa wikang Hapon.



1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-5 Tagal ng bisa ng lisensya at pagbabago ng tirahan

(1) Tagal ng bisa ng lisensya at pagkawalang-bisa nito

Ang lisensya ay may bisa mula sa araw ng pagkakaloob hanggang sa ika-isang buwan makalipas ang ika-tatlong kaarawan. Ang lisensya ay inire-renew tuwing ika-tatlo o ika-limang taon at ang tuluyang pagmamay-ari ng lisensya ay batay o naayon sa kung nakalabag sa batas trapiko o hindi. Kung nalalapit na ang araw ng pagrenew nito may matatanggap na pahayag na nagpapaalala na kailangan nang irenew ito na kung tawagin ay unten menkyo koushin no oshirase (unten menkyoshou koushin tsuuchisho). Ito ay ipapadala sa pamamaraan ng koreo (kung nag-iba ng tirahan kailangang ipaalam sa pulisya kung hindi ay hindi makakatanggap ng paalala). Isagawa ang kinakailangang proseso sa itinakdang Driver's License Center o himpilan ng pulis. Mayroong pagsusuri para sa kaangkupan magmaneho at klase kapag nagparenew ng lisensya.

Kapag nakalimutang ipa-renew ang lisensya, ito ay mapapawalan ng bisa at kakailanganing kumuha ulit ng bago.

(2) Kapag lumipat ng tirahan

Kung lumipat ng tirahan kinakailangang papalitan ang adres na nakasaad sa lisensya. Kailangan ng dokumentong nagpapatunay na lumipat ng tirahan (Alien registration card/Health Certificate) at dalhin ito sa himpilan ng pulis malapit sa tirahan o sa Driver's License Center.



1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-6 Pagsususpende at pagbabawi ng lisensya / Pagmumulta

(1) Ano ang tinatawag na sistema ng puntos sa Japan?

Ang sistema ng puntos sa Japan ay kung saan bibigyan ng puntos ang bawat paglabag sa mga batas pang-trapiko, pagbaliwala sa ilaw pang-trapiko, at ilegal na pagparada. Kapag naabot o nalagpasan ang bilang ng puntos na naitakda sa loob ng tatlong taon, ang lisensya ay maaring ikansela o isuspindi (Kapag hindi pa nakakuha ng parusa sa loob ng nakaraang tatlong taon, ang 6 hanggang 14 na puntos na naitakda ay katumbas ng pagsuspende samantalang ang puntos na mahigit sa 15 ay katumbas ng pagbabawi ng lisensya). Ang hit and run, pagmamaneho nang nakainom, pagmamaneho nang walang lisensya ay may katumbas na mabigat na parusa.

(2) Ang paglabag sa batas trapiko kahit gaano kagaang ay makakaapekto sa Traffic Infraction Notification System (koutsuu hansoku tsuukoku seido)

Kapag lumabag sa magaan na batas trapiko (hansoku koui), makakatanggap ng asul na papel (koutsuu hansoku kokuchisho) mula sa pulis sa lugar na pinaglabagan ng batas trapiko at resibo (kailangang bayaran sa loob ng walong araw kabilang ang araw na matanggap ang resibo) na kailangang bayaran sa opisina ng koreo/post office o bangko (kahit bayaran ang multa madadagdagan pa rin ang puntos).



N Transportasyon

[▲ Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

● Mga paglabag sa batas trapiko at ang nakaukol na puntos at multa nito

Mga Uri ng Paglabag sa Batas Trapik	Puntos	Multa (Malaking Sasakyan)	Multa (Ordinaryong Sasakyan)	Multa (Motersiklo)
Matuling pagmamaneho (lagpas 25km hindi lalampas 30km)	3	¥25,000	¥18,000	¥15,000
Illegal na pagpaparada (bawal na paradahan atbp.)	2	¥21,000	¥15,000	¥9,000
Paghinto sa bawal na lugar (bawal na paradahan atbp.)	1	¥12,000	¥10,000	¥6,000
Pagbaliwala sa ilaw pang-trapiko (tulad ng pulang ilaw trapiko)	2	¥12,000	¥9,000	¥7,000
Pagdaan sa bawal daanan	2	¥9,000	¥7,000	¥6,000
Pagdaan sa hindi sakop na bahagi ng daan	2	¥12,000	¥9,000	¥7,000
Over-taking	2	¥12,000	¥9,000	¥7,000
Paglabag sa batas ng interseksyone	2	¥12,000	¥9,000	¥7,000
Paggamit ng cellphone	1	¥7,000	¥6,000	¥6,000



2 Pagmamay-ari at paggamit ng sasakyan

Ang mga nagmamay-ari o gumagamit ng sasakyan ay may mga obligasyon tulad ng pagrerehistro, paghanap ng paradahan, pagsusuri ng sasakyan, at pagpasok sa insurance. At kailangang tandaan na kailangan ng panggastos para sa mga kinakailangan sa paggamit ng sasakyan.

2-1 Pagrehistro ng sasakyan

Sa mga sumusunod na sitwasyon ay kinakailangang iparehistro sa Transportation Bureau na tagapamahala sa pook na paggagamitan o pagmamay-ari ng sasakyan at kinakailangan ding lagyan ng plaka ang lahat ng sasakyan. Ang proseso ng pagrerehistro ay maaring ipaasikaso sa pinagbilan ng sasakyan. Sa pagbili at pagpaparehistro ng sasakyan, kakailanganin ang jitsuin o rehistradong pantatak (pan g karaniwang pantatak lamang o mitom-in para sa maliliit na sasakyan o keijidousha) (Basahin ang [D Mga iba pang pagpaparehistro 5 Pantatak](#)).

Mga sitwasyon na kailangang magparehistro	Lugar ng pagrerehistro
<ul style="list-style-type: none">• Kapag bumili ng sasakyan• Kapag nagbago ang may-ari ng sasakyan o ang tirahan ng may-ari• Kapag ibinigay sa ibang tao o nabigyan ng sasakyan• Kapag hindi na kailangan ang sasakyan at ito ay itatapon na• Kapag nawala ang plaka ng sasakyan	Transportation Bureau na tagapamahala sa pook ng paggagamitan o pagmamay-ari ng sasakyan



2 Pagmamay-ari at paggamit ng sasakyan

2-2 Patunay na may lugar na paradahan para sa sasakyan (shako shoumei)

Kinakailangan ng pagpapatunay na may lugar na paradahan upang magkaroon ng sariling sasakyan (pagpapatunay na may lugar na paradahan maliban sa kalsada).

Kapag nakakuha na ng lugar na maaaring paradahan ng sasakyan, magpasa ng application form para sa pagkuha ng patunay na may lugar na paradahan sa himpilan ng pulis sa lugar na tinitirhan. Pagkatapos nito ay makakakuha na ng sertipiko at patunay na may lugar na paradahan para sa sasakyan (shako shoumei).



2 Pagmamay-ari at paggamit ng sasakyan

2-3 Inspeksyon ng sasakyan (shaken)

Ang itinutukoy ng pangkaraniwang tinatawag na shaken ay ang pag-iinspeksyon ng sasakyan na ginaganap sa takdang panahon upang matiyak na ang sasakyan ay ayon sa standard ng batas. Hindi maaaring magpatakbo ng sasakyan sa kalsada kapag ito ay hindi pumasa sa inspeksyong ito at walang sertipikong nagpapatunay ng pag-inspeksyon ng sasakyan (shakenshou). Ang bisa ng shaken ay dalawang taon para sa pangkaraniwang sasakyan (tatlong taon para sa bagong biling sasakyan) at kailangang magpa-inspeksyon sa bawat dalawang taong lumipas. Kapag nakapagpa-inspeksyon, makakakuha ng parisukat na sticker at ito ay idikit lamang sa harap na salamin ng sasakyan.

Maaaring ipagawa ang pag-iinspeksyon ng sasakyan sa dealer subali't ito ay may karagdagang bayad. Kapag nais itong sariling gawin, magtanong lamang sa Transportation Bureau na malapit sa inyo.



2 Pagmamay-ari at paggamit ng sasakyan

2-4 Japan Automobile Federation (JAF)

Ang JAF ay nagbibigay ng tulong 24 oras sa buong taon kapag naaksidente o nasira ang sasakyan. Maliban dito, kapag kayo ay naging miyembro nito, maaari ding makakuha ng mga impormasyon tungkol sa pagmamaneho.

(1) Pagpapalabas ng pagsalin ng lisensya na ipinagkaloob sa ibang bansa

Kailangan ng pagsalin ng lisensya na ipinagkaloob sa ibang bansa sa wikang Hapon upang ipapalit ang lisensya ng ibang bansa sa lisensya ng Japan. Ang mga kinikilalang pagsalin ay ang mga pagsalin na isinagawa ng JAF o embahada ng bansa sa Japan.

Ang bayad sa pagpapagawa ng pagsalin ay ¥3,000 para sa isang lisensya. Samantalang kinakailangan magdagdag ng ¥380 bilang bayad sa pagpapadala kapag nais na mag-aplay sa pamamagitan ng koreo (*ipadala ito sa pamamagitan ng rehistradong koreo para sa pera).

●Homepage ng JAF:

<http://www.jaf.or.jp/index.htm> (sa wikang Hapon)

<http://www.jaf.or.jp/e/index.htm> (sa wikang Ingles)

●Paraan ng pag-aplay

Kinakailangang papeles	Paraan ng pag-aplay	Window kung saan maaaring mag-aplay	Babayarin
1 Application para sa pagpapalabas ng pagsalin ng lisensya 2 Kopya ng lisensyang ipinagkaloob sa ibang bansa 3 Kopya ng Alien Registration Card ※	Tumungo lamang sa JAF o magpadala ng money order sa JAF.	Window para sa pagpapalabas ng pagsalin ng lisensya	3,000 yen <Kapag sa pamamagitan ng koreo> Magdagdag ng ¥380 para sa pagpapadala.

※ Ito ay kinakailangan kapag ang lisensya at ipinagkaloob sa South Korea, Thailand, Myanmar atbp. O kapag ang lisensya ay nasa wikang Arabo o wikang Ruso.

(2) Pagbenta ng binagong edisyon ng Koutsuu no Kyousooku (Rules of the Road) sa iba't-ibang wika

Kapag kukuha ng lisensya ng pagmamaneho, mayroong librong tinatawag na Koutsuu no Kyousooku (Rules of the Road) na kailangan upang kumuha ng eksamen sa Driving License Testing Center. Maliban sa wikang Hapon, mayroong din nito sa iba't ibang wika (Ingles, Tsino, Portuges, Espanyol at Koreano na 5 wika). Ang





N Transportasyon

[▲ Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

nasa wikang Hapon ay matatanggap nang walang bayad depende sa distrito. Ang mga nasa ibang wika ay ibinebenta sa halagang ¥1,000 (kasama ang consumption tax subalit hiwalay ang bayad sa pagpapadala).

Para sa iba pang detalye, pumunta lamang sa homepage ng JAF.

<http://www.jaf.or.jp/index.htm>





3 Pagmamay-ari at paggamit ng motorsiklo at bisikleta

Mayroon ding mga patakaran sa pagpaparada at pagrerehistro ng mga motorsiklo at bisikleta.

3-1 Pagrehistro ng motorsiklo

Ang mga motorsiklo na mula sa 126 cc ay kinakailangang iparehistro sa District Land Transport Bureau (rikuun shikyoku) o sa opisina kung saan ipinaparehistro ang shaken sa tinitirhang lugar. Kailangan din nitong magkaroon ng plaka. Para sa mga motorsiklong mababa sa 125 cc na kung tawagin ay gendou ki tsuki jitensha, kailangan lamang itong ideklara sa munispyo ng lugar na tinitirhan.

3-2 Ang pagrehistro ng bisikleta laban sa nakawan

May mga lugar sa estasyon at iba pa na kung saan ipinagbabawal ang pagparada ng bisikleta at motorsiklo. Kapag nakumpiska ang bisikleta o motorsiklo dahil sa pagparada sa ipinagbabawal na lugar, ito ay ililipat sa takdang lugar kung saan itinatago ang mga nakumpiskang bisikleta o motorsiklo.

3-3 Paradahan ng bisikleta at motorsiklo

(1) Lugar kung saan ipinagbabawal ang pagparada ng bisikleta at motorsiklo

May mga lugar sa estasyon at iba pa na kung saan ipinagbabawal ang pagparada ng bisikleta at motorsiklo. Kapag nakumpiska ang bisikleta o motorsiklo dahil sa pagparada sa ipinagbabawal na lugar, ito ay ililipat sa takdang lugar kung saan itinatago ang mga nakumpiskang bisikleta o motorsiklo.

(2) Pagbabalik ng nakumpiskang bisikleta

Upang makuha muli ang nakumpiskang bisikleta, kailangan ang susi nito, Alien Registration Card, lisensya o iba pang ID. May mga pagkakataong kailangan magbayad upang makuha ang nakumpiskang bisikleta. Ang bayad na ito ay ang halagang nagamit sa pagkumpiska at pagtago ng bisikleta.

Simbolong nagsasaad ng lugar kung saan ipinagbabawal ang pagparada ng bisikleta at motorsiklo





4 Batas-trapiko

4-1 Batas-trapiko sa Japan

May mga batas-trapiko para sa mga taong naglalakad, sasakyan, motorsiklo, bisikleta at iba pa sa Japan. Tandaan ang mga batas-trapikong ito sa pinakamadaling panahon.

(1) Mga pangunahing batas-trapiko

Kapag walang bangketang pwedeng lakaran ng mga tao, kinakailangang maglakad sa pinaka-kanang bahagi ng kalsada. Ang mga bisikleta at sasakyan naman ay kailangang dumaan sa kaliwang bahagi ng kalsada.

Mas binibigyan ng prayoridad ang mga tao kaysa sa mga bisikleta at sasakyan. Subalit may mga taong hindi sumusunod nito kaya kailangang mag-ingat.



Kailangang sundin ang mga simbolong pang-trapiko at ilaw-trapiko. Subalit may mga taong hindi sumusunod nito kaya kailangang mag-ingat.



N Transportasyon

▲ [Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

● Mga simbolong pang-trapiko

			
<p>Stop Humihinto nang panandalian ang mga sasakyan at bisikleta.</p>	<p>Slow Patakbuhan ang mga sasakyan sa bilis na maaaring huminto.</p>	<p>Do not enter Bawal pumasok ang mga sasakyan.</p>	<p>Passage banned Bawala pumasok ang mga tao, bisikleta at sasakyan.</p>
			
<p>Automobiles' passage banned Bawal dumaan ang mga sasakyan.</p>	<p>One way Maaari lamang dumaan sa direksyon na nakasaad sa arrow.</p>	<p>Only Maaari lamang dumaan sa direksyon na nakasaad sa mga arrow.</p>	<p>Parking and stop banned during the designated hours Bawal huminto o pumarada sa oras na nakatakda.</p>
			
<p>No parking during the banned hours during the designated hours Bawal pumarada sa oras na nakatakda</p>	<p>No crossing by pedestrians Bawal tumawid.</p>	<p>Only for pedestrians and bicycles Maaaring dumaan ang mga tao at bisikleta.</p>	<p>Only for pedestrians Maaaring dumaan ang mga tao.</p>



N Transportasyon

▲ [Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

(2) Patakaran para sa mga naglalakad

Maglakad sa bangketa kapag mayroon nito.



Kapag walang bangketa, maglakad sa pinaka-kanang bahagi ng kalsada.

Kahit na nagmamadali, kailangang sundin ang ilaw-trapiko.



Iwasan ang pagtawid sa pagitan ng sasakyang nakahinto o nakaparada.



Tumawid lagi sa takdang tawiran o overpass. Kapag wala nito, siguraduhing walang sasakyan bago tumawid.





N Transportasyon

▲ Bumalik sa TOP ng N Transportasyon

(3) Patakaran para sa mga bisikleta

Iwasan ang pagbibisikleta nang magkatabi.



Tignan maigi ang mga sasakyan o tao sa paligid.



Ang bisikleta ay dapat na nasa kaliwang bahagi ng kalsada.



Maaaring magbisikleta sa bangketa kung may simbolo na pwedeng dumaan ito.



Mas binibigyan ng prayoridad ang mga taong naglalakad. Bawal na matuling magpatakbo ng bisikleta o magpa-ring upang paalisin ang mga naglalakad. Kapag may mga naglalakad na tao sa bangketa, kailangang huminto muna.



Gumamit ng ilaw ng bisikleta sa gabi.



Huminto kapag may simbolong kailangang huminto nang pansamantala.



Tumawid nang umaayon sa ilaw-trapiko (kapag mayroon nito). Kapag may marka kung saan maaaring tumawid ang bisikleta sa tawiran, sundin ito



N Transportasyon

▲ [Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

(4) Patakaran para sa mga sasakyan at motorsiklo

Ipinagbabawal magmaneho ang kung sino mang walang lisensya o kaya naman ay nakainom ng alak. Maaaring madisgrasya dahil dito kaya mabigat ang parusa nito.



Kapag nakasakay sa sasakyan, kailangang palaging mag-seatbelt. Kailangang gumamit ng child seat kung magsasakay ng batang wala pang 6 na taon gulang. Kailangan magsuot ng helmet kapag nakasakay sa motorsiklo



Dapat sundin ang mga ilaw-trapiko at simbolong pang-trapiko.




Bawal gumamit ng cellphone kapag nagmamaneho.



Kapag may mga taong tatawid, kailangang paunahin silang tumawid bago dumaan.

Kapag may simbolong kailangan huminto ng pansamantala, siguraduhing huminto muna at tumingin sa kaliwa at kanan bago dumaan.



Maraming mga matatandang naaaksidente sa Japan. Kapag nakakita ng matanda, mag-ingat sa pagmamaneho.



5 Aksidente sa trapiko

Maraming naaaksidente sa trapikong nagaganap dahil sa mga dayuhan. Hindi nalalaman kung kailan at kung saan nagaganap ang aksidente. Ang mga sumusunod ay magpapaliwanag ng mga ukol sa insurance.

5-1 Aksidente sa trapiko at insurance para sa sasakyan (jidousha hoken)

(1) Kapag naging sanhi ng aksidente

Kapag naging sanhi ng aksidente, itigil kaagad ang sasakyan, tulungan kung may nasaktang tao at pagkatapos siguraduhing walang panganib sa kalsada, tumawag sa himpilan ng pulis.

1 Pagtawag sa pulis
Ihinto ang sasakyan sa isang lugar na hindi nakakaabala sa ibang mga sasakyan at tumawag sa pulis (numero ng telepono: 110). Kapag may taong nasaktan, sabihin sa pulis na kailangan ng ambulansya at siguraduhing ligtas ang tao sa panganib.
↓
2 Kumpirmasyon ng lugar kung saan naganap ang aksidente
Pagdating ng pulis, ipa-kumpirma ang lugar kung saan naganap ang aksidente. Huwag umalis sa lugar hanggang hindi pa dumadating ang pulis (maliban sa sitwasyong kung saan may taong nasaktan). Kapag hindi ito sinundan, maaaring hindi mabayaran ang insurance.
↓
3 Kumpirmasyon ng isa't isa
Siguraduhing ibigay sa taong nadamay sa aksidente ang inyong pangalan, tirahan at teleponong maaari kayong matawagan at kunin din ang kanyang pangalan, tirahan at teleponong maaari siyang tawagan.
↓
4 Pagtawag sa insurance company
Maaaring hindi mabayaran ang insurance kapag hindi tumawag sa insurance company. Ang insurance company ay nagbibigay ng payo pagkatapos ng aksidente at nagbibigay din ng tulong sa pakikipag-usap sa taong nadamay sa aksidente kaya maaaring ipasagawa ito sa insurance company.



N Transportasyon

[▲ Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

(2) Kapag naging biktima ng aksidente

1 Kumpirmasyon ng isa't isa
Siguraduhing kumpirmahin ang pangalan, tirahan, teleponong maaari tawagan at numero ng plaka ng taong naging sanhi ng aksidente. Ibigay din ang sariling pangalan, tirahan at numero ng telepono.
↓
2 Tumawag sa pulis
Tumawag kaagad sa malapit na himpilan ng pulis (110). Kailangan ng sertipikong nagpapatunay ng aksienteng naganap upang makakuha ng bayad sa pinsala mula sa insurance company o taong naging sanhi ng aksidente kaya huwag kalimutang tumawag sa pulis.
↓
3 Pumunta sa ospital at magpagawa ng sertipikong medikal
Ito ay kailangan kung nais kumuha ng bayad mula sa taong naging sanhi ng aksidente o mula sa insurance company. Kahit na hindi malubha ang kalagayan, magpagawa pa rin nito.
↓
4 Paggawa ng sertipikong pangtrabaho
Kapag malubha ang kalagayan, tawagan ang kumpanya kung saan nagtatrabaho upang magpagawa ng sertipikong pangtrabaho. Kailangan ito upang makakuha ng bayad mula sa taong naging sanhi ng aksidente o mula sa insurance company.

※ Kapag nasaktan dahil sa aksidente sa trapiko, maaaring makakuha ng bayad sa pinsala mula sa sapilitang insurance at pang-boluntaryong insurance ng taong naging sanhi ng aksidente.

※ Kapag naaksidente naman sa oras ng trabaho o habang papunta sa kumpanya o lugar kung saan nagtatrabaho, may bayad din na makukuha mula sa workmen's accident compensation o tinatawag na rousai hoken.

(3) Sapilitang insurance (jidousha songai baishou sekinin hoken)

May dalawang uri ng insurance: ang sapilitang insurance at ang pang-boluntaryong insurance. Ang lahat ng nagmamay-ari ng sasakyan sa Japan ang kinakailangang sumali sa sapilitang insurance ayon sa batas na kung tawagin ay jidousha baishou sekinin hoken o jibaisekihoken. Kusang nakakasali dito sa oras na bumuli kayo ng sasakyan. Ito ay nagagamit lamang sa kasong nakadulot ng kamatayan sa ibang tao habang nagmamaneho ng sasakyan o motorsiklo. Limitado nitong binabayaran ang pinsalang naidulot sa tao.

Iba-iba ang halaga ng babayaran depende sa aksidente. Ang halagang makukuha mula sa jibaisekihoken kaya't mas mainam na sumali din sa pang-boluntaryong insurance.



N Transportasyon

[▲ Bumalik sa TOP ng N Transportasyon](#)

(4) Pang-boluntaryong insurance (nin'i hoken)

Ito ay ibinabayad sa mga pinsalang hindi kasama sa sapilitang insurance tulad ng pagkasira ng bagay ng ibang tao o manakawan ng sasakyan at pati na rin sa mga pinsalang naidulot sa tao kung ang bayad sa pinsala mula sa jibaisekihoken ay kulang.

Ito ay maaaring salihan sa pamamagitan ng mga pribadong insurance company.



5 Aksidente sa trapiko

5-2 Pagkonsulta tungkol sa aksidente sa trapiko at Accident insurance plan (Koutsuu saigai kyousai)

(1) Pagkonsulta tungkol sa aksidente sa trapiko

Sumangguni kaagad sa mga institusyong propesyonal kapag kayo ay naging sanhi o naging biktima ng aksidente. Maaari nila kayong tulungan at may mga abogado rin silang maaaring magbigay ng payo. Libre ang pagsangguni dito at nasisiguradong kumpidensyal ang mga pinag-usapan.

(2) Accident insurance plan

Makakakuha ng bayad kapag ang miyembro ng plan na ito ay naaksidente sa loob ng Japan (sasakyan man o motorsiklo).

Magtanong lamang sa nalalapit na munisipyo ukol dito.



5 Aksidente sa trapiko

5-3 Bayad sa pinsala (songai baisho) at Paraan ng pagkwenta (santei houshiki)

(1) Bayad sa pinsala

Mayroong apat na uri ng bayad na maaaring makuha kapag naging biktima ng aksidente:

• Bayad para sa medikal na gastusin.	• Bayad para sa pagpapahinga sa trabaho dahil sa pinsala.
• Reparation fee.	• Bayad para sa pagkamatay o sa mga epektong sanhi ng pinsala.

Tungkol sa bayad para sa pagpapahinga sa trabaho, kapag siningil ang insurance company, babatayan ang mga publikong dokumento (tulad ng Seripikong nagsasaad ng kapinsalaan sa pagpapahinga sa trabaho o Kyuugyou Songai Shoumeisho) na makakapagsaad ng kalagayan ng pagtatrabaho upang kuwentahin ang halaga ng bayad. Ang aksidente naman habang nagtatrabaho (kasama ang pagtatrabaho ng lampas sa regular na oras), maaaring singilin bilang aksidente ng isang manggagawa (rousai).

(2) Bayad sa pinsala at paraan ng pagkuwenta

Iba-t iba ang paraan ng pagkuwenta sa mga bayad sa pinsala ayon sa uri ng insurance (jibaisekihoken o nin'i hoken) at ng asosasyon ng mga abogado.

Sapilitang insurance	Hanggang sa halagang ¥1,200,000 lamang ang limitasyon para sa gastusing medikal. Kapag lumampas dito ang halaga ng gastusin pagkatapos ng paggagamot o after effect ng aksidente, mababayaran ito ayon sa grado ng after effect. Ito ay pangkaraniwang tuluyang magagamit hanggang sa hindi masyadong malaki ang pinsala ng nabiktima sa aksidente, subalit ito ay kadalasang ginagamit sa gastusing medikal. Konti laman ang natitira para sa bayad dahil sa pagpapahinga sa trabaho at iba pa.
NIN'I HOKEN	Ito ay depende sa insurance company na sinalihan ng taong naging sanhi ng aksidente.
ANG PAGKWENTA AYON SA ASOSASYON NG MGA ABOGADO	Ito ay ang pagkuwentang isinasagawa ng asosasyon ng mga abogado sa Japan kapag may kasong sibil. Sa mga aksidenteng trapiko, depende kung nasa taong nakasanhi ng aksidente o nasa taong naging biktima ng aksidente ang mas mabigat na responsibilidad kaya ang halaga din ay naiiba ayon dito.